

Kabuuang Pananaw ng Programa

Kabuuang Pananaw ng Programa

Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon.



PROGRAMANG GINHAWA SA UPA NG CALIFORNIA PARA SA COVID-19

Kung nakatanggap ka ng imbitasyong email para kumpletuhin ang aplikasyong ito, pakibigya ang 6-na-digit na numero ng kaso ng TENANT na nilaan sa imbitasyong email. Kung sinisimulan mo ang aplikasyong ito sa ngalan ng mga umuupa, laktawan ang seksiyong ito at lumipat sa Seksiyon A: Impormasyon ng Kasera.

Pakibigay ang unang pangalan at apelyido ng Umuupa sa iyo:

Pakibigay ang numero ng telepono ng Umuupa sa iyo:

Pakibigay ang email address ng Umuupa sa iyo

KABUUANG PANANAW

Ang programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19 ay maaaring makatulong sa maraming taga-California sa mga hindi inaasahang pinansiyal na kahirapang nilikha ng COVID-19. Ang programa ay nilalayong tumulong sa mga nararapat na sambahayan na masaklawan ang hindi bayad na upa at mga utility, mga bayad sa hinaharap para sa upa at utilities, at magbigay ng pagpopondo para sa mga serbisyong istabilisasyon ng pabahay.

Simpleng 3-Hakbang na Proseso ng Aplikasyon

1. Punan ang aplikasyon sa pinakamahasag mong kakayahan. Makakatulong ito sa aming madetermina kung kuwalipikado ang umuupa sa iyo para sa tulong at siguruhin na padadalhan ka namin ng tamang dami ng pera.
2. Aabisuhan ng Estado ng California ang umuupa sa iyo na ang proseso ng Ginhawa sa Upa ay isinasagawa. Ang umuupa sa iyo ay dapat lumahok sa programa para makatanggap ng bayad. Sisimulan lang naming iproseso ang aplikasyon mo matapos magsumite ang umuupa sa iyo ng nauukol na aplikasyon.
3. Kapag tapos ka na, tutulungan ka ng iyong Tagapamahala ng Kaso kung kailangan ng higit pang impormasyon. Mangyaring tumugon sa anumang kahilingan para sa karagdagang impormasyon para makumpleto ang aplikasyon mo! Matutukoy mo kung gusto mong makontak gamit ang email o telepono sa aplikasyon. Kapag hindi ka sumagot hindi ka namin mababayaran nang direktang.

Karamihan ng mga tao ay inaabot ng mga 30 minuto para kumpletuhin ang ligtas at pribadong aplikasyong ito. Hindi namin ibabahagi ang impormasyon mo nang walang pahintulot mo.

Ano ang magagawa ko para mapabilis ang proseso?

- Ipaalam sa (mga) umuupa sa iyo na nag-apply ka. Kapag nagsumite ka ng aplikasyon bilang kasera, mangyaring kontak ang (mga) umuupa sa iyo at hikayatin silang sumunod sa mga nilaang tagubilin sa imbitasyong email (pinamagatang “Iniimbitahan Ka: Programang CA COVID-19 Rent Relief” at ipinadala mula sa no-reply@neighborlysoftware.com).
- Hintayin ang mga email at/o tumugon sa mga tawag mula sa Programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19.
- Siguruhin na ina-upload mo ang tamang impormasyon. Tumatanggap kami ng mga litrato, scan, electronic na dokumento, at mga text file para padaliin ang pag-upload ng iyong impormasyon.
- Magbigay ng magandang impormasyon sa pagkontak para sa iyo at sa (mga) umuupa sa iyo kung posible. Ang pagbibigay ng email address at numero ng telepono ng umuupa sa iyo ay makakatulong na mapabilis ang proseso.

Ano ang dapat kong asahan mula sa programa?

- Bilang kalahok na kasera, ang bayad na ginawa sa ngalan ng (mga) umuupa sa iyo ay direktang gagawin sa iyo. Aabisuhan ka sa pamamagitan ng email kapag ang bayad mo ay naaprubahan.
- Hindi namin ibabahagi ang impormasyon ng aplikasyon mo sa kasera mo. Pribado ang impormasyon mo. **Walang impormasyon tungkol sa legal na katayang ito ay ilalaan sa anumang ahensiya ng pamahalaan.**
- Makakahiling ka ng impormasyon sa katayuan ng aplikasyon mo alinman sa pag-log in sa portal ng aplikasyong ito, o sa pagtawag nang toll free sa 1-833-430-2122.

Mangyaring huwag magsumite ng maraming aplikasyon dahil maaari iyang magresulta sa mas matagal na pagkaantala sa proseso ng pagrepass ng aplikasyon. Huwag magsumite ng aplikasyon para sa bawat umuupa. Ang isinumite mong aplikasyon ay dapat sumaklaw sa lahat ng mga pinauupahan mong pang-aari at mga umuupa.

Ikaw at ang iyong (mga) umuupa ay aabisuhan kapag ang bayad ay naproseso.

Bilang karagdagan, ang programang CA COVID-19 Rent Relief ay hindi magtatapos sa Hunyo 30 at magpapatuloy na magbigay ng tulong pinansiyal sa mga umuupa at mga kasera hanggang ang lahat ng mga pondo ay naubos. Ang mga umuupa na nagbayad ng inaatas na 25% bayad sa angkop na panahon ay protektado na mula sa pagpapaalis para sa hindi pagbabayad ng upa para sa mga buwang iyon, anuman ang katayuan ng aplikasyon nila.

Para sa kabuuang pananaw ng programa, mangyaring bumisits sa aming pangunahing pahina sa housingiskey.com. Maaari mo ring matukoy ang karagdagang impormasyon patungkol sa mga proteksiyon sa pagpapalayas sa ilalim ng mga dulugan sa proteksiyon sa pagpapalayas sa parehong website.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, makukumpleto ng aming kawani sa Call Center ang aplikasyon kasama mo sa telepono sa pagtawag sa 1-833-430-2122. Ang oras ng call center ay mula 7:00 AM – 7:00 PM Pacific time Lunes-Linggo. May tulong sa wikang magagamit.

Bilang bahagi ng aplikasyon ng Programa, lahat ng mga kasera ay aatasang magsumite ng sumusunod na papeles na kailangan para gawin ang pagrepaso sa pagiging nararapat: **FORM NG TAX BUWIS: Mangyaring maglaan ng IRS W-9 Form.**

PALSIPIKADO O MAPANLINLANG NA PAPELES O MGA PAHAYAG

Ang palsipikasyon ng papeles o anumang materyal na kasinungalingan o omisyon sa Aplikasyon, kasama ang may kabatirang paghingi ng mga nadodobleng benepisyo, ay sasailalim sa mga kriminal na multa ng estado at pederal. Ikaw ay partikular akong naabisuhan na ang Title 18, Section 1001 ng United States Code ay nagsasaad na ang tao ay mumultahan o ikukulong nang hanggang limang (5) taon nang may kabatiran at kusang paggawa ng anumang materyal na mali o huwad na pahayag o pangangatawan sa anumang U.S. Department o Ahensiya.

MAKATWIRANG AKOMODASYON

Kung ikaw o sinuman sa sambahayan niyo ay isang taong may kapansanan at kailangan ng partikular na akomodasyon para mag-apply para sa Programang ito, mangyaring makipag-ugnay sa call center ng programa sa telepono sa 1-833-430-2122.

Kung kailangan ng mga makatwirang akomodasyon, gagabayan ka ng programa sa isang lokal na kasosyong organisasyon na makakatulong sa iyo sa iyong aplikasyon.

PATAS NA PABAHAY

FAIR Sumusunod ang HCD sa lahat ng inaatas ng pederal at estado na kaugnay ng patas na pabahay at diskriminasyon. Nagsasagawa din ang HCD ng mga hakbang para apirmatibong isulong ang patas na pabahay sa California at para masiguro na lahat ng programa nito ay malaya sa diskriminasyon. Para matuto pa tungkol sa patas napabahay at laban sa diskriminasyon, paki-click ang mga link sa ibaba. www.neotalogic.com

PARA MAG-ULAT NG PANLOLOKO, PAGBABASURA AT PANG-AABUSO:

Lahat ng mga empleyado ng HCD at mga empleyado ng kontratiats ay may responsibilidad na mag-ulat ng panloloko, pagbabasura, at pang-aabuso na hinihinala nilang nagaganap o naganap. Ang publiko ay iniimbitahang magbahagi sa mga nasabing alalahanin. Ang anumang pinaghihinalaang panloloko na kaugnay ng programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19 ay dapat iulat sa HCD para sa agarang pagrepaso. Nakalaan sa HCD ang karapatang tanggihan ang pagpopondo p partisipasyon kung nadetermina ito na may naganap na panloloko.

Iulat ang Panloloko Sa:

Programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19: reportfraud@ca-rentrelief.com

U.S. Department of Treasury: <https://home.treasury.gov/services/report-fraud-waste-and-abuse>

Office of Inspector General: <https://oig.treasury.gov/fraud-alerts>

Para sa Mga Pangkalahatang Tanong sa Programa, Kontakin Kami Dito:
Sa telepono: (833) 430-2122

A. Impormasyon ng Kasera

A. Pangkalahatang Impormasyon ng Kasera

Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon.

PANGUNAHING KASERA

A.1. Pangalan ng Kasera (kung paano ito lumalabas sa W9)

A.2. Address ng Kasera (kung paano ito lumalabas sa W9)

A.3. Numero ng Telepono ng Kasera

A.4. Email ng Kasera

A.5. Numero ng DUNS, kung angkop

A.6. EIN, TIN o SSN para sa mga Tala ng Pagbabayad (kung paani ito lumalabas sa W9)

A.7. Nagbigay ka ba ng EIN, TIN, o SSN?

A.8. Paki-upload ng nakumpleto at nilagdaang [IRS W-9 FORM](#) gamit ang EIN/SSN na napili mo sa itaas.

W9 ng Kasera *Kailangan

A.9. Pakipili ng nais na paraan ng pagbabayad.

A.10. Kung pumili ka ng tseke, pakibigay ng address ng koreo para matanggap ang tseke. (TANDAAN: ang anumang bayad mula sa Programa ay ipadadala sa koreo sa address na ito).

ALTERNATIBONG KONTAK NG KASERA

A.11. Alternatibong Pangalan ng Kontak (maaaring piliin mong magbigay ng pangalan ng Manager ng Pag-aari)

A.12. Alternatibong Numero ng Telepono ng Kontak

A.13. Alternatibong Email Address ng Kontak

A.14. Mga Bakanteng Yunit: Humihiling ka ba ng tulong para sa mga hindi bayad na upa na utang ng sinumang dating umuupa na hindi na nakatira sa yunit? Ang mga hindi bayad na upa ay kailangang mula sa nasasaklawang panahon.

Kung Oo: Ang dating umuupa ay dapat kumumpleto ng aplikasyon ng umuupa para makumpirmas ang pagiging nararapat. Ang mga bayad para sa mga upang utang ng mga umuupa na umalis sa yunit ay maaaring lang ibayad sa kasera at dapat gamitin para masaklawan ang mga upang utang sa panahong angkop. Pakitukoy ang (mga) pangalan ng mga dating umuupa kung para kanino ka humihiling ng bayad. Pakitandaan na kailangan mo ring mag-upload ng kumpletong impormasyon ng umuupa at yunit sa susunod na hakbang ng aplikasyong ito (sa ilalim ng B. Impormasyon sa Umuupa). Ang kasalukuyang impormasyon sa pagkontak ay mahalaga sa pagproseso ng mga claim sa mga bakanteng yunit.

Dami ng Mga Bakanteng Yunit:

Pangalan ng Dating Umuupa (pakilagay ang mga buong pangalan ng umuupa, pinaghiwalay gamit ang semicolon ;):

A.15. Ang inuupahang pag-aari ba ay may subsidiyang yunit na kailangan ng pagpapatotoo ng kita ng umuupa para maging nararapat? Kasama sa mga subsidiya ang Mga Housing Choice Voucher, Low-Income Housing Tax Credit, Tenant-Based Rental Assistance, Veteran Affairs Supportive Housing, o ibang pabahay para sa limitadong kita na kailangan ang pagpapatotoo ng kita at muling sertipikasyon para sa mga nararapat na umuupa.

Kung oo, pakitukoy ang pangalan ng umuupa, ang pagkukunan ng subsidiya, ang angkop na limitasyon sa kita (hal. 30% AMI, 60% AMI, 80% AMI) para sa yunit, at ang petsa ng huling muling sertipikasyon para sa bawat may subsidiyang yunit na hinihingan mo ng tulong.

Dami ng Mga Bakanteng Yunit:

Pangalan ng Umuupas	Subsidiya	Limitasyon ng Kita	Petsa ng Muling Sertipikasyon
---------------------	-----------	--------------------	-------------------------------

A.16. Nagsampa ka ba o nagbabalak ka bang magsampa ng pagpapalayas laban sa umuupang ito dahil sa hindi pagbabayad ng mga upa sa panahon ng COVID-19?

Kung oo, pakitukoy ang pangalan ng (mga) umuupa sa ibaba. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga inaatas sa pagpapalayas sa ilalim ng SB 91, mangyaring sumangguni sa mga dulugan ng may-ari ng tahanan sa housingiskey.com

Dami ng Mga Bakanteng Yunit na hinihilingan mo ng pagpapalayas:

Pangalan ng Umuupa (pakilagay ang mga buong pangalan ng (mga) umuupa, pinaghiwalay gamit ang semicolon ;):

B. Impormasyon ng (Mga) Umuupa

B. Impormasyon ng (Mga) Umuupa

Pakitukoy lahat ng mga umuupa sa iyo na gusto mong lumahok sa California COVID-19 Emergency Rental Assistance Program. Sa pagsumite ng aplikasyon ng Kasera na ito, lahat ng umuupang nakalista sa ibaba ay makakatanggap ng email na imbitasyon para lumahok sa California COVID-19 Emergency Rental Assistance Program. **Kung mayroon kang 10+ o mahigit pang umuupa at nais mag-upload ng impormasyon ng umuupa nang bultuhan, mangyaring [mag-click dito](#) para gamitin ang excel spreadsheet para maidagdag sa mga umuupa sa iyo nang sabay-sabay. Paki-upload ang iyong excel spreadsheet sa ibaba kung saan nakasaad ang "I-import ang Mga Umuupa".**

Para sa BAWAT umuupa, gamitin ang button ng Mag-upload ng File sa kanang panig ng bawat hilera para maibigay ang sumusunod:

- Pahayag ng upa o ledger na nagdodokumento sa mga naantala nila (ayon sa bawat buwan kung mayroon, kasama ang anumang tulong sa upa na dating direktang ibinayad sa kasera, kung mayroon).
- Ilaan ang Kasunduan sa Lease o Nakasulat
- Kung ang pag-aaring inuupahan ay may subsidiyang yunit na kailangan ng pagpapatotoo ng kita ng umuupa para maging nararapat, mangyaring i-upload ang mga dokumento sa kita at muling sertipikasyon ng umuupa.
- Kung hindi mo makuha ang email address ng umuupa sa iyo o ang umuupa sa iyo ay walang email address, hinihikayat ka naming suportahan ang umuupa sa iyong tumawag sa (833-687-0967) para magpa-appointment sa propesyonal na tumutulong sa aplikasyon para sa libreng tulong sa aplikasyon.
- Para makumpleto ang bahaging ito ng aplikasyon, para sa bawat umuupa na wala kang email, gamitin ang support@ca-rentrelief.com sa impormasyon ng umuupa. Sisimulan nito ang pangsuportang ticket para tulungan ang tagapamahala ng kaso mo sa pagkonekta ng aplikasyon mo sa umuupa sa iyo. Huwag gamitin ang iyong email address o magsama ng maling email, dahil makokompromiso niyan ang iyong aplikasyon at maaaring magresulta sa pagkaka-label sa aplikasyon bilang mapanlinlang.

Email Address	Address	Numero ng Telepono
---------------	---------	--------------------

Isumite

Isumite

Kapag naisumite ang aplikasyon, maaari lang ito "Muling buksan" ng isang Administrador. Hindi ka pa tapos hanggang matanggap mo ang mensaheng "Naisumite ang Aplikasyon". Tandaan din: pakisuri ang iyong Spam email folder kung hindi mo pa natanggap ang anumang mga email mula sa Neighborly.

Sa pagsumite ng Aplikasyong ito para sa California Department of Housing and Community Development ("HCD") Programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19 (ang "Programa"), ako, bilang awtorisadong kinatawan ng Kasera, ay nagpapatotoo dito na:

1. Umiiral na Kontrata. Ako ay pumapasok sa umiiral na kontrata ("Kasunduan") sa indibiduwal na nakalista bilang Umuupa sa Aplikasyong ito at sa HCD, pero para pang sa hangganan na nadetermina ng HCD, sa sariling diskresyon nito, na ang Umuupa ay nararapat sa Programa. Hindi pinapairal ang Kasunduang ito sa HCD hanggang aprubahan ng HCD ang pinansiyal na tulong sa ilalim ng Programa. Para sa layunan ng Kasunduang ito, ang terminong "lease" ay tumutukoy sa anumang pormal o hindi pormal na kasunduan sa pag-upa sa pagitan ng kasera at umuupa.
2. Impormasyon sa Umuupa at Yunit.
 - a. Ang Umuupang pinangalanan sa Aplikasyong ito ay isa sa mga taong kasalukuyang umookupa sa Yunit kung saan ang tulong ay hinihiling at inokupa at ookupahin ng Umuupa ang Yunit para sa lahat ng panahon kung saan ang tulong ay hinihiling.
 - b. Ako at ang Umuupa ay pumasok sa residensiyal na lease para sa yunit ng pabahay na natukoy sa loob ng Aplikasyong ito (ang "Yunit").
 - c. Ang Yunit ay nasa isang address sa loob ng Estado ng California.
 - d. Ako ang may-ari ng pag-aari ng Yunit o pumasok sa kasunduan sa pamamahala/ahensiya na nagbibigay sa akin ng awtoridad na i-lease ang Yunit at lumahok sa Programa. Ibibigay ko ang HCD na may katibayan ng pag-aari o Abiso ng Kasunduan sa Pamamahala ng May-ari na nilagdaan ng may-ari ng pag-aari.
 - e. Ang impormasyong nilaan sa Aplikasyon tungkol sa mga tuntunin ng lease sa Umuupa, ang halaga ng upa, at anumang halaga ng utility ay totoo at tumpak. Magbibigay ako ng kopya ng lease ng Umuupa o nakasulat na kasunduan sa HCD o, kung walang kasalukuyang nakasulat na lease, magbibigay ako ng dokumentasyon tungkol sa upang utang ng Umuupa.
 - f. Ang pagkumpleto ng umuupa sa aplikasyon batay sa upa sa kontrata ay hindi bumubuo ng oag-ako o pagpapaubaya ng karapatan ng umuupa na itanggi ang halaga ng upa batay sa kakayahang matirhan.
3. Tulong sa Pagbabayad. Nag-aatas ang Umuupa ng pinansiyal na tulong para mabayaran ang mga naantalang upa na naipon at utang sa ilalim ng lease, kailangan ng Umuupa ng tulong para bayaran ang kasalukuyan o panghinaharap na (mga) bayad sa upa, at/o kailangan ng Umuupa ng tulong para bayaran ang mga naantala na naipon na pambayad sa utility na utang sa akin o Tagapaglaan ng Utility. Pumapayag akong tumanggap ng tulong pinansiyal sa ngalan ng Umuupa sasailalim sa mga inaatas dito.
 - a. Ang mga bayad na ginawa sa ilalim ng Programa sa nahuling upa, utilities, at bayad ay maaari lang saklawan ang mga halaga na natakda makalipas ang Abril 1, 2020 at maaaring hindi masaklawan ang anumang halaga

na nagkaroon bago ang petsang iyon. Hindi ako humihiling ng tulong para sa anumang halaga na naging takda bago ang Abril 1, 2020.

- b. Kinikilala ko na hindi ako kailanman nararapat sa bayad sa buwan na ang Umuupa ay hindi o hindi titira sa Yunit. Ibabalik ko ang anumang nasabing bayad agad sa HCD.
- c. Tatanggap ako ng bayad mula sa Programa sa pamamagitan ng tseke para sa benepisyo ng Umuupa, maliban kung inaprubahan ng HCD ang isa pang anyo ng pagbabayad sa pamamagitan ng sulat.
- d. Hindi ako mag-a-apply para sa o tatanggap ng anumang pribado o pederal na tulong na doble ng tulong pinansiyal na nilaan sa ilalim ng Programa.
- e. Babayaran ko muli ang anumang nadobleng bayad o sobra agad sa HCD.
- f. Ilalapat ko ang mga bayad sa (mga_ account ng Umuupa ayon sa naiutos ng HCD.

4. Aplikasyon ng Mga Bayad. Kung nararapat ang Umuupa sa tulong sa ilalim ng Programa, bibigyan ako ng HCD, bilang Kasera, ng paghahati-hati ng (mga) halaga ng tulong na nilalaan sa anyong katulad ng nasa ibaba at ilalapat ko ang tulong na nilaan nang naaayon. Ang (mga) nasabing halaga ng tulong, na sa kalaunan au ilalaan, ay isinama sa Kasunduang ito ayon sa sangguniang ito.

a. Huling Upa na Utang sa Kasera.

Ang Halaga ng Upa na utang ng Umuupa bawat buwan sa ilalim ng lease.

Ang Buong Halaga ng Nahuling Upa na Utang na nilalaan sa Kasera sa ngalan ng Umuupa.

b. Kasalukuyan at/o Pangkinabukasang Bayad sa Upa.

Ang bilang ng buwan ng kasalukuyan at/o panghinaharap na bayad sa upa (na hindi maaaring lumagpas sa tatlong buwan), ang halaga ng bawat bayad, at kabuuang halaga na matatanggap ng Kasera sa ngalan ng Umuupa.

5. Mga Limitasyon sa Tulong. Pinagsasama ang mga bayad na ginawa sa ilalim ng Programa, ang Umuupa ay hindi maaaring makatanggap ng mahigit sa labing-dalawang (12) buwan ng pinagsamang tulong. Subalit, kung, sa oras ng aplikasyon, ang Umuupa ay 12 buwan o mahigit pang naantala sa upa o bayad sa utility, ang Umuupa ay maaaring makatanggap ng hanggang labing-limang (15) buwan ng pinagsamang tulong.

6. Muling Pagkuha ng Mga Pondo. Kung makatanggap ako ng anumang bayad na sobra sa inutang sa akin, agad kong ibabalik ang sobrang pondo sa HCD. Ipadadala ko sa koreo ang lahat ng binalik na bayad sa HCD sa 2020 West El Camino Ave. Suite 300 Sacramento, CA 95833 sa anyo ng tseke, cashier's check, o money order na ginawang mababayad sa California Department of Housing and Community Development. Dapat isangguni ng bayad ang pangalan ng Umuupa at Numero ng Kaso ng Umuupa.

7. Mga Obligasyon ng Kasera.

- a. Hindi ko isusulong ang pagpapalayas sa anumang upa o bayad na nakatakda bago ang Abril 1, 2020, pero maaaring gumamit ng ibang paraan para kolektahin ang nasabing kakulangan.
- b. Kinikilala ko na walang anuman sa sertipikasyong ito ay nagpapaubaya sa karapatan kong magsampa ng pagpapalayas batay sa hindi perang default ng Umuupa.
- c. Aking pinaubaya, pinakakawalan, at inaalis ang anumang paghabol sa kakulangan sa upa, mga bayad sa pagkaantala, o pag-aari laban sa Umuupa sa hindi pagbabayad ng upa para sa anumang buwang nasaklawan sa ilalim ng Programa.

- d. Pumapayag akong bawiin ang anumang nasabing nakabinbing pagpapalayas na pagkilos laban sa Umuupa at hindi sisimulan ang anumang pagkilos sa hinaharap para sa bayad sa upa na nasaklawan sa ilalim ng Kasunduang ito.
- e. Ang mga aktibidad kong isinagawa at mga talang napanatili alinsunod sa Kasunduang ito ay sasailalim sa pagsubaybay at pagsusuri ng Estado, sa Comptroller ng Treasury, o kanilang nauukol na naitalagang kinatawan.
- f. Kinikilala ko na ;ahat ng impormasyong nakolekta, pinagsama, o pinanatili ng Programang Ginhawa sa Upa ng California para sa COVID-19 patungkol sa sertipikasyong ito, maliban sa personal na pangkilalang impormasyon at mga talang ginawang kumpidensiyal ng batas o kautusan ng korte, ay sasailalim sa California Public Records Act at dapat magbigay sa mga mamamayan, pampublikong ahensiya, at ibang interesadong partido ng makatwirang access sa lahat ng mga talang patungkol sa Kontratang ito na sasailalim sa at ayon sa California Public Records Act.
- g. Magpapanatili ako ng dokumentasyon para sa lahat ng natanggap na bayad at aktibidad na isinagawa sa ilalim ng Kasunduang ito. Magpapanatili ako ng lahat ng libro, tala at dokumentong naglalaman ng nasabing dokumentasyon para sa panahong limang (5) buong taon mula sa petsa ng huling bayad na natanggap ko sa ilalim ng Kaunduang ito. Pahihintulutan ko ang pag-audit ng nasabing dokumentasyon ng Estado, ng Comptroller ng Treasury, o kanilang nauukol na nakatakdang mga kinatawan sa anumang makatwirang oras sa makatwirang abiso. Kung angkop, ang mga pinansiyal na statement at dapat ihanda ayon sa generally accepted accounting principles.

8. Hudisyal na Pagpapatupad. Ako, ang Umuupa, o ang HCD ay maaaring hudisyal na ipatupad ang Kasunduang ito.

9. Mga Heading. Ang mga headline dito ay inilagay lang para madali ang pagsangguni at hindi kailanman bibigyang kahulugan, lilimitahin, o ilarawan ang saklaw o paglalayon ng Kasunduang ito, ng anumang partikular na probisyon nito, o tamang konstruksiyon nito.

10. Paghihiwalay. Ang kawalan ng pagkabalido ng sugnay na ito, bahagi o probisyon ng Kasunduang ito ay hindi makakaapekto sa pagkabalido ng mga natitirang bahagi ng Kasunduang ito.

11. Namamahalang Batas. Ang Kasunduang ito ay pinamamahalaan ng mga batas ng Estado ng California at, saanman angkop, mga batas ng United States of America.

Sa pagsusumite ng Aplikasyong ito, pinatotohanan ko na ang lahat ng impormasyong ibinigay ko sa HCD ay totoo, tumpak, at kumpleto, at kapag hiniling, magbibigay ako ng higit pang papeles para suportahan ang anumang pangangatawan.

Higit kong kinikilala na ang palsipikasyon ng impormasyon o anumang materyal na kasinungalingan o omisyon sa Aplikasyon, kasama ang may kabatirang paghingi ng mga nadodobleng benepisyo, ay sasailalim sa mga kriminal na multa ng estado at pederal. Nauunawaan ko na partikular akong naabisuhan na ang Title 18, Section 1001 ng United States Code ay nagsasaad na ang tao ay mumultahan o ikukulong nang hanggang limang (5) taon nang may kabatiran at kusang paggawa ng anumang materyal na mali o huwad na pahayag o pangangatawan sa anumang U.S. Department o Ahensiya.

Pinatotohanan ko na sa pagtanggap ng bayad sa ilalim ng Programa, ang nasabing bayad ay buong bayad ng kabuuang utang sa upa na utang ng Umuupa at ng sambahayan ng Umuupa sa akin sa natukoy na panahon ng oras. Higit pa, aking pinakakawalan ang anuman at lahat ng paghabol sa hindi pagbabayad ng upang utang na inutang sa

natukoy na panahon ng oras, kasama ang paghabol sa labag sa batas na detainer alinsunod sa talata (2) at (3) ng Section 1161 ng Code of Civil Procedure, laban sa Umuupa at sambahayan ng Umuupa.

Lagda